

PAHAYAG MULA KAY KEITH KNOX, TESORERA AT TAGAKOLEKTA NG BUWIS, UKOL SA PAGKANSELA NG MULTA NA MAY KAUGNAYAN SA COVID-19

Naiintindihan ko na patuloy na isang napaka-nakababahalang oras para sa lahat ang krisis sa kalusugan ng publiko, at nakatuon ang aking tanggapan sa pagtulong sa anumang paraan na aming makakaya. Mayroon kaming mahabang kasaysayan ng pakikipagtulungan sa mga residente at mga may-ari ng ari-arian sa mga oras ng emerhensiya, kabilang ang ating kamakailan na mga wildfire. Hindi eksepsyon ang krisis ng COVID-19. Maaaring makansela ang mga multa ng lampas sa takda na pagbabayad ng mga may-ari ng ari-arian na apektado ng COVID-19 kung hindi nila mabayaran ang kanilang mga buwis ng ari-arian hanggang Abril 10, 2020.

Simula Abril 11, 2020, magsisimula ang aking tanggapan sa pagtanggap ng mga kahilingan sa pagkansela ng multa na may kaugnayan sa COVID-19 sa aming website. Kung mayroon kang mga tiyak na katanungan tungkol sa mga kahilingan para sa pagkansela ng multa, mangyaring siyasatin ang mga Madalas Itanong na ito ([FAQs](#)).

Ang mga may-ari ng ari-arian na apektado ng krisis sa kalusugan ng publiko na COVID-19 ay dapat kumpletuhin at isumite ang isang [kahilingan sa pagkansela ng multa sa online](#) at magdagdag ng munting pahayag kung paano nakapekto ang emerhensiya sa kalusugan ng publiko sa kanilang kakayahang magbayad ng buwis ng ari-arian nang napapanahon. Dapat makipag-ugnayan sa aming tanggapan sa 213-974-2111 ang mga may-ari ng ari-arian na hindi makapagsumite ng kanilang kahilingan sa online upang kumpletuhin ang kanilang kahilingan.

Pinahihintulutan ako ng batas ng estado na isaalang-alang ang mga pangyayari sa lampas ng kontrol ng nagbabayad ng buwis, na pumigil sa napapanahong pagbabayad ng mga buwis ng ari-arian at gusto kong maging maunawain sa mga pangyayaring nauugnay sa COVID-19 na nakakaapekto sa mga nagbabayad ng buwis. Sa bawat kahilingan para sa pagkansela ng multa, dapat magpahayag ng tukoy na detalye kung paano napigilan ng emerhensiya sa kalusugan ng publiko na COVID-19 ang nagbabayad ng buwis mula sa paggawa ng napapanahong pagbabayad.

Para sa bawat pagsumite, makakatanggap ang nagbabayad ng buwis ng email na kumpirmasyon na may numero ng kumpirmasyon. Mangyaring panatilihin at isama ang numero ng kumpirmasyon sa anumang hinaharap na mga komunikasyon. Sisiyasatin namin ang bawat kaso sa bawat indibidwal na mga pangyayari. Kapag kailangan ng aking koponan ang karagdagang impormasyon upang suportahan ang kahilingan, makikipag-ugnay kami sa nagbabayad ng buwis nang direkta sa pamamagitan ng email. Mangyaring tandaan na hindi tatawag ang aking koponan nang walang abiso at hihiling ng sensitibong personal na impormasyon sa telepono.

Kapag natukoy ng aking koponan ang kinalabasan ng isang kahilingan, direktang makikipag-ugnay ang aking koponan sa nagbabayad ng buwis tungkol sa mga opsyon ng pagbabayad at mga panahon ng pagbibigay sa mga bayad ng buwis ng ari-arian. Hinihiling ko ang inyong pasensya ukol sa mga panahon ng pagproseso habang tinatrabaho namin ang mga kahilingan na ito.

Salamat po